

Ang aking mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan

Ito ang ikalawang edisyon ng **Karta ng mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Australya (Australian Charter of Healthcare Rights)**.

Ang mga karapatang ito ay para sa lahat ng tao sa lahat ng lugar sa Australya kung saan may ibinibigay na pangangalagang pangkalusugan.

Inilalarawan ng Karta kung ano ang maaasahan mo, o ng isang taong pinagmamalasakitan mo, kapag tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

May karapatan ako sa:

Pag-access

- Mga serbisyo at paggamot sa pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa aking mga pangangailangan

Kaligtasan

- Makatanggap ng ligtas at mataas na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa mga pambansang pamantayan
- Maalagaan sa isang kapaligiran kung saan madarama ko na ako ay ligtas

Paggalang

- Matrato bilang isang indibidwal, at tratuthin nang may dignidad at paggalang
- Kilalanin at igalang ang aking kultura, pagkakakilanlan, paniniwala at mga pagpipilian

Pagtutulungan

- Makapagtanong at makibahagi sa isang bukas at tapat na komunikasyon
- Makagawa ng mga pagpapasya kasama ang tagapagbigay ng aking pangangalagang pangkalusugan, sa paraang makakapili ako at magagawa ko
- Maisama sa pagpapalano at paggawa ng desisyon ang mga taong gusto ko

Impormasyon

- Malinaw na impormasyon tungkol sa aking kondisyon, ang mga posibleng benepisyo at panganib ng iba't ibang mga pagsusuri at paggamot, upang makapagbigay ako ng aking may-kaalamang pahintulot
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo, mga oras ng paghihintay at mga gastos
- Mabigyan ng alalay, kung kailangan ko nito, upang matulungan akong maunawaan at magamit ang impormasyong pangkalusugan
- Ma-access ang impormasyon sa aking kalusugan
- Masabihan kung may nangyaring mali sa panahon ng aking pangangalagang pangkalusugan, paano ito nangyari, paano ito makakaapekto sa akin at kung ano ang ginagawa upang maging ligtas ang pangangalaga

Pagkapribado

- Igalang ang aking personal na pagkapribado
- Panatiliing ligtas at kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa akin at sa aking kalusugan

Magbigay ng feedback

- Magbigay ng feedback o magreklamo na hindi nito naaapektuhan ang paraan ng paggamot sa akin
- Matugunan ang aking mga pag-aalala sa paraang malinaw at napapanahon
- Maibahagi ang aking karanasan at makilahok upang mapahusay ang kalidad ng pangangalaga at mga serbisyong pangkalusugan

